

ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Sa malapad at mayamang kapatagan ng Gitnang Luzon, may mga pagbabagong nagaganap sa relasyon sa produksyon ng mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan.

Sa malapyudal na relasyon, nangingibabaw ang mga panginoong maylupa at burges na komprador. Matingkad ang papel ng mga komersyante-usurero. Ang masang anakpawis--magsasaka't manggagawang bukid--ay mas pinagsasamantalahan at hirap kaysa dati.

Kung paano magkakasabay na umiiral ang pyudal, malapyudal at kapitalistang relasyon sa kanayunan ng Gitnang Luzon ay inilalarawan sa pahina 8.

FEBRERO 1984

NILALAMAN

Editoryal 2

Boykot ! 3

Mga balota
ng diktadura 5

Malapyudalismo
sa Gitnang Luzon 8

Gerilya... sa lunsod 11

Mga aksyong protesta 13

Balita 14

Sulat 15

Ipaglaban ang dagdag sa sahod, karapatang magwelga

Sa kasalukuyang siainghap-singhap ang ekonomya ng Bayan sa kumunoy ng krisis, wari'y isang tinig na binabalaan ng diktadurang US-Marcos at ng malaking burgesya ang mga manggagawa na huwag kumibo at baka tuluyang lumubog ang buong ekonomya.

Ibig nilang sabihin, dapat daw makuntento ang mga anakpawis sa maliit na sahod at balewalain ang dinaranas nilang matinding pagsasamantala't pang-sapi. Nagigipit din daw ang mga kapitalista at hetero nga't kaliwa't kanan na nagbabawas ng manggagawa, kundi pa man nagsasara, ang mga empresa. Sa katunayan, ang layoff at posibilidad ng pagsasara ng mga empresa ang pinatatampok ng rehimen at ng malaking burgesya para patahimikin ang mga anakpawis.

Sa gayon, ang masasamang epekto ng krisis na kagagawan ng imperyalismong US at pangkating Marcos ay ipinapasa ng rehimen at malaking burgesya sa masang anakpawis. Dagdag pa, gusto ng rehimen na manatiling tahimik ang mga manggagawa para palitawing istable at mapayapa ang kalagayan sa bansa at napapanatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa. Ang ganitong paglalarawan ay ginagamit ng rehimen sa pang-aakit nito ng dayuhang pantang at pamumuhunan.

Sa kabilang banda, ang mga dayuhang empresa at mga korporasyon ng mga katoto ni Marcos sa negosyo ay tumitiba mula sa pagkalugi ng maraming maliliit na negosyo bunga ng krisis. Napapanatili nilang mababa ang pasahod, samantalang pinatitindi ang pagsasamantala. Idinadahilan din ng mga empresang ito ang krisis sa ekonomya para pataksikin ang mga manggagawa, laluna ang mga lider ng mga unyon, na naninindigan sa kanilang mga karapatan.

Samantala, paparaming maliliit na empresa ang nababangkrap dahil sa mga patakaran ng rehimen na mas pabor sa mga empresang pag-aari ng mga dayuhan at malalaking kapitalista. Di sila makapag-import ng kinakailangang matiryal para makapagpatuloy ng produksyon, at pinagbabayad ng rehimen ng malaking buwis.

Para sa lahat ng manggagawa, ang kakulangan ng sahod ang nangingibabaw na problema, lalo't nagtataasan ang presyo ng mga bilihin at serbisyo.

Sa kabila ng sampung pisong dagdag sa minimum na sahod noong 1983, kulang na kulang pa rin ang tinatanggap ng manggagawa ngayon para ikabuhay ng kanyang pamilya. Ayon sa NEDA ng gubyrno, para mabuhay nang disente ang isang anim-kataong pamilya noong 1983 ay kailangan ang 772.68 isang araw, na mahigit doble sa nakabat na minimum na sahod. Masama pa nito, maaaring payagan ang mga empresa na hindi ibigay ang sampung pisong dagdag sa sahod, at maski ang batas sa minimum na sahod ay hindi nga tinutupad sa maraming kaso.

Kayat makatwiran at makatarungang maggumilit ang mga manggagawa sa dagdag na sahod, karapatang magwelga, at iba pa nilang mga karapatan. Dapat ding patuloy na ipaglaban nila ang pagpawi sa mga batas na kontra-manggagawa tulad ng BP 130 at BP 227.

Tumitingala ang sambayanan sa halimbawa ng mga manggagawang naglulunsad ng militante, makabayan at di makasariling pakikibaka na nagtataguyod din sa interes ng ibang demokratikong uri at sektor. Habang ipinaglalaraban ng mga manggagawa ang kanilang interes, nangunguna sila sa malawak na kilusang masang nakikibaka para ibagsak ang diktadurang US-Marcos at kamtin ang kalayaan at demokrasya.



BOYKOT! Ipaglaban ang anim na panawagan ng bayan!

yong pagkakasundo na nagtataguyod sa tunay na kapakanan ng bayan.

Isang indikasyon ng bisa ng kilusang boykot ay ang mababang bilang--di lalapas sa 40 porsyento--ng mga bumoto sa "plebisitong" idinsos ng diktadura noong Enero. Higit pang katangi-tangi ang maaaring maging resulta ng boykot sa Mayo, habang mapangahas na pinegkakaissa ng antidiktadurang kilusan ang masa ng mamamayan sa mga islogan ng kalayaan at demokrasya at sa anim na panawagang demokratiko. Kasabay nito'y nagbibigay ng ibayong lawak sa antidiktadurang kilusan ang masikhay na pag-unlad ng iba't ibang kilusang sektoral.

Anim na panawagan

Sa pagtanggap ng rehimen na ipatupad ang anim na panawagan ng mamamayan bago ang "eleksyon," nananatiling nasa sentro ang mga ito ng mapanlabang mga panawagan ng kilusang boykot. Sama-sama, ang anim ay bumubuo ng mahalagang bahagi ng pagdedepensa ng mamamayan sa pundamental nilang mga karapatang demokratiko, at nagtatakda ng ilang kundisyong kailangang tiyakin para malayang maipahayag at magkabisa ang kagustuhan ng taumbayan. Ang anim ay ang sumusunod:

- 1) Tanggalin ang kapangyarihan ni Marcos na gumawa ng mga batas; 2) agad pawalang-bisa ang lahat ng kanyang direktro o proklamasyong antidemokratiko, mapanupil at awtokratiko; 3) huwag ipatag ang batas militar o isususpindi ang pribilehiyong habeas corpus nang walang pagsang-ayon ang 2/3 ng Batasang Pambansa; 4) emyendahin ang Konstitusyong 1973 para mabigyan ang Batasan ng karapatang umaprubang sa lahat ng pagnombra sa mataas na pusisyon sa guberno; 5) iurong ang lahat ng kasong pampolitika (general amnesty) at palayain ang lahat ng detenido't bilanggong pulitikal; 6) magbagawa ng mga reporma kaugnay ng halalan.

Huwag patulan ang pakana ng rehimen, itaguyod ang mga demokratikong panawagang antidiktadura: ito ang ikinakampanya ng militanteng kilusang boykot sa malawak na masa ng sambayanan kaugnay ng pakana ng rehimens ng US-Marcos na magdaos ng huwad na eleksyon para sa Batasang Pambansa sa Mayo.

Ipinahayag ng nangungunang mga grupong oposisyonista noong Pebrero 15 ang kanilang disisyong ipursigi ang malakihang boykot, sa harap ng aroganteng pagpupumilit ng pasistang diktadura na idaos ang "eleksyon," nang walang isinaasalangalang kundi ang hariling mga kundisyong mapanupil at madaya.

Ni isang hible ng kanyang mga kapangyarihang diktador ay tinanggihang pakawalan ni Marcos, na di pumansin sa anim na panawagang ginawa noong Enero ng malawak na prente ng mga pwersang popular. Pero ang aktitud niyang sagadsarin ay lalo lamang nagtulak sa mas maraming mamamayan na aktibong tumaguyod sa boykot, at naging balakid naman sa mga oposisyonistang kumikiling sa kapitulasyon, sapagkat mahirap nang sumali ngayon sa "eleksyon" nang di lumalantad na kolaboraytor ng rehimen.

Kayat patuloy na umuunlad ang malawak na pagkakaissa ng iba't ibang grupo sa oposisyon na nabuo noong Enero. Pinatutunayan nito na ang pinakamahasag na pundasyon at garantya ng lakas sa magkatuwang na pakikibakang wakasan ang pasistang diktadura ay ang makapinsip-

Di tuwirang kumakatawan ang mga panawagang ito sa matagalan at batayang mga layunin ng demokratikong rebolusyong bayan. Gayundam'y kailangang maunawaan, na sa pakikipaglaban ng masa para sa mga iyon ay natatamo nila, sa wastong patnubay ng rebolusyonaryong linya, ang di matutumbasang mga aral mula sa karanasan. Dagdag pa, kahit ang anim na panawagan lamang na ito ay di magkakaroon ng makabuluhang katuparan nang hiwalay sa determinado't walang tugot na pagsisikap ng mga pwersang antidiktadura--bagay na nangangahulugan ng isang antas ng pagkakaisa't organisasyon na mas sulong kay sa naabot na ngayon.

Sapagkat vari'y tinatablan ng grabeng allergy si Marcos, iharap lamang sa kanya ang mungkahi ng kahit malalabnaw na pampulitikang reporma: para siyang magkakasakit kung sakaling mapilitang pagbigyan ang gusto ng mamamayan. Labing-walong taon ng tuluy-tuloy na paghabari--kabilang ang il taon na siya'y diktador--ang nagkaloob sa kanya at sa kanyang pangkatin ng di masukat na kayamanan at pribilehiyong walang katulad sa kasaysayan ng Pilipinas. Buo pa rin naman ang kanilang makapangyarihang makinaryang burukratiko't militar, na nagsisilbing aktibong instrumento sa panunupil at panlilinlang.

Higit sa lahat, patuloy na makasasa ang pasistang rehimen sa lubos na pagtangkilik ng imperyalismong US, maski kunwari'y nababahala ito sa ganap na pagtakwil ng mamamayan kay Marcos. Upang makaraos ang papet na pangkatin sa panganib ng mga buwang darating, nagpapalano ang US na dagdagan ang ibinibigay ditong tuwirang tulong sa militar at pangkabuhayan. Sa nakatakdang "eleksyon," ibig ng mga imperyalistang US na makitang patunayan ni Marcos ang kanyang abilidad sa pagkuha ng suporta mula sa burges na oposisyon.

Sa darating na "botohan," malaki ang taya ng rehimen Marcos at mga amo nito sa US. Kung maitutuloy nila iyon nang kasali ang makabuluhang sektor ng oposisyong burges, gagamitin nila ang "pambansang pagkakasundo" para kitlin ang kilusang protesta ng mamamayan, hatiin at pahinain ang mga pwersang antidiktadura, at hadlangan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang tagumpay naman ng kilusang boykot ay nangangahulugan ng paglawak ng impluwensya't gawaing pang-organisasyon nito sa hanay ng mamamayan, laluna sa mga

kalunsuran. Sa loob ng demokratikong koalisyon, yayabong ang pagtitiwalaan at kooperasyon habang umuunlad ang pagtutulungan ng iba't ibang pampulitikang organisasyon sa mas malalaking pakikibaka sa hinaharap.

Tunay nga, ang makabuluhang mga konsesyon gaya ng pagtupad sa anim na panawagan--huwag nang banggitin pa ang aktwal na pagtanggali o pagbabagsak sa diktadura--ay masagaw lamang kung walang lubay at laging mas militantang nagsisikap ang mga demokratikong pwersa na mobili-sahin ang napakalawak na masa para ipaglaban ang tunay na mga reporma sa ating bayan.

Mas matinding pakikibaka

Napakainam ng kasalukuyang mga kondisyon para patindihin ang mga pakikibaka ng masa. Mula Agosto, nabilis ang pag-abante ng kamulatang pampulitika ng mamamayan at ng kahandaan nilang ipaglaban ang mga demokratikong karapatan at pambansang independensya. Kaagapay ang mga bagong organisasyong aktibista ng petiburgesyang lunsod, ang istablisado nang mga organisasyong antiimperyalista't demokratiko ay nangunguna sa pagtataguyod ng antidiktadurang linyang militante at di pabagu-bago. Sa kabilang banda, ang rumaragasang kilusang masa ay malakas na impluwensyang kumontra sa tendensyang palasuko sa hanay ng mga repormistang burges.

Ang puspusang kampanyang boykot ay di lamang mariling sampil sa pasistang rehimen Marcos at mga imperyalistang US. Masaring maging resulta ng kampanya ang makabuluhang pagsulong sa ating pakikibakang ibagsak ang diktadurang US-Marcos at itatag ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon. Dapat lubusin ng pwersang pambansa-demokratiko ang bawat pagkakataong makaabot sa pinakamaraming mamamayan, at imulat sila sa kawastuan ng paninindigan ng kilusang boykot at ng anim na demokratikong panawagan. Dapat nilang ikawing ang mga panawagang ito sa pagsusuri at solusyong rebolusyonaryo. Kailangang higit na mapalawak at mapsunlad ang mga pakikibakang sektoral, laluna ang sa mga manggagawa, istudyante at propesyonal. Ang mga ito ay hiwalay pa sa kampanyang mas tampok ang katangiang pampulitika, pero sumusuporta rito at sa katunayan nga'y nagbibigay dito ng bwele sa pagsulong.

Hindi magiging madali ang kampanya para talunin ang pakanang US-Marcos kaugnay ng "eleksyon." Sinisikap ng rehimen at ng US na gawin itong "kapanipaniwala." Mahigpit silang nanghihimasok

sa mga nasa oposisyon na makisama sa kanila kapalit ng ilang konsesyon, samantalang tinitiyak din na may tatakbong mga huwad na oposisyonista. Habang sinusulat ito'y nakapagpahayag na nga ang ilang pulitiko ng kapilang intensyong tumalikod sa kilusang boykot, sa malao't madali; pero napipigilan pa rin silang iladlad nang husto ang kanilang linyang makapartisipasyon, dahil alam nilang kokondenahin ng bayan ang kanilang pakikipagkolaboreyt sa rehimen kung gagawin nila iyon.

Ang patakarang boykot ang tanging wastong patakaran sa kasalukuyang sirkumstansya, na gumigiray ang pasistang diktadura sa gitna ng malulubhang krisis at naglalako ang mga reaksyonaryo ng linyang "partisipasyon ang sagot sa rebolusyon."

Sa militantang pagtataguyod sa patakarang boykot at sa anim na panawagan, makakanit ng pwersang pambansa-demokratiko ang malakas na suporta ng ibang mga pwersang independyente't progresibo sa loob ng kilusang antidiktadura, at higit nilang mapauunlad ang nabuo nang pakikipagmabutihan sa mga pwersang ito.

Ang militante't matatag na patakarang boykot, na kinakatigan ng malawak na masa, ang tanging patakarang nakapagka-kaisa sa iba't ibang antidiktadurang pwersa sa loob ng pinakamahabang panahon laban sa mga pakana't intriga ng rehimen.

Ang masaklaw na kilusang masa na nagdadala sa patakarang boykot ay nagbibigay sa iba't ibang kilusang sektoral ng malapad na balangkas para sa paglunsad ng sarili nilang mga pakikibakang masigla, militante at demokratiko. @

Tinatanggihan ng mamamayan

Mga balota ng diktadura

Tulad ng naunang mga palabas na elektoral ng diktadurang US-Marcos, ang "plebisito" noong Enero 27 at ang nakaumang na "eleksyon" sa darating na Mayo ay bahagi ng pakanang "normalisasyon" ng imperyalismong US at pangkating Marcos. At gaya rin ng sa mga nauna, ganap na pagtanggap ang sagot ng mamamayan, laluna sa pamamagitan ng militante at aktibong boykot.

Mahahati sa dalawang tipo ang mga palabas na ito ng diktadura: ang una ay mga "plebisito" at "referendum" na ang mga botante'y pinapipili sa pagitan ng "Oo" at "Hindi" (kabilang na rito ang taasan ng kanyang sa mga "assemblya ng mamamayan" para daw pagtibayin ang Konstitusyong Marcos noong 1973); ang pangalawa'y mga "eleksyong" may mga kandida-tong tumatakbo.

Ang pangunahing silbi ng mga "plebisito" ay sakalikha ng ilusyon na kinakatigan ng mamamayan ang pagbabagu-bago sa Konstitusyong Marcos ayon sa kursunada ng rehimen. Halimbawa, noong una'y ginawang pandekorasyon ang pusisyon ng presidente at ginawang makapangyarihang punong minister si Marcos; pagkatapos, ginawang pandekorasyon ang punong minister (si Cesar Virata ang hinirang sa pusisyong ito) at naging makapangyarihang presidente uli si Marcos.

Tampok naman sa mga "eleksyon" ang sa mga assemblyan ng pansamantalang Batasang Pambansa (IBP) noong 1978, sa

mga lokal na upisyal noong 1980, at sa presidente noong 1981. Kabilang din ang idinaos sa antas ng mga baryo noong 1982.



Pakanang 'normalisasyon'

Nakapaloob sa pakanang "normalisasyon" ng diktadura ang pagdadapo ng mga palabas na elektoral. Layunin ng "normalisasyon" na pagtakpan, at sa kabilang banda'y itanghal na "normal," ang magkatuwang na paghaharing diktador ng imperyalismong US at pangkating Marcos.

Mahalaga ito para sa imperyalismong US dahil sa harap ng kumokontrang opin-

yong publiko sa sariling bayan at sa buong daigdig ay nahihirapan ang gub-
yernong US na bigyang-matwid ang patuloy
na pagsubay sa mga pasistang diktadura
sa mga malakolonya. Tangka nitong bawas-
bawasan ang baho ng pasistang papet na
diktador sa Pilipinas sa panamagitan
ng pagpresyur dito na magdaos ng mga
palabas na elektorat sa pans-panahon
at pag-akit naman sa oposisyong burges
na lumahok sa mga palabas na ito.

Ang habol naman ng pangkating Marcos
ay makapagpapatag ng sariling paghahari
habang nagpapabango. Sa panamagitan ng
mga palabas na elektorat, kahit hindi
kapani-paniwala ang mga ito, lumilikha
si Marcos ng maipagpipilitang "kontrata
(covenant)" daw niya sa bayan, "basbas
(mandate)" daw sa kanyang paghahari at
mga patakaran.

Huwad na mga botohan

Mahalagang sangkap ng isang demokra-
tikong kaayusan ang pagdadagdag ng mga
botohan. Nguni para maging tunay ang
mga ito, dapat ay may sapat na kakayahan
at kalayaan ang masang botante sa mata-
lakay nang husto ang mga isyu, pumili
ng mga kandidatong pinskamakapagliling-
kod sa kanilang obhetibong interes, lu-
mahok sa isang proseso ng botohan at
bilangang na kinikilalang makatarungan,
at tiyakin ang pagpapairal sa disisyon
ng nakararami.

Mapakalinaw na huwad, kung gayon,
ang mga "botohang" idinadaos ng diktadu-
rang US-Marcos. Ito ang mag-isang guma-
gawa ng mga patakaran at ganap nitong
kontrolado ang resulta ng botohan. Hawak
nito at binabaha ng mga kasinungalingan
ang masmidya, habang sinasagkaan ng pa-
nanakot at panggigipit ang paglaganap

ng mga katotohanan at ideyang kamakanta
dito. Garapalan nitong ginagamit ang
Komisyon sa Eleksyon (COMELEC) para da-
yain ang paglilita ng mga botante, ang
botohan at ang bilangan. Kayat palasak
na ang katawagang "lutong-Macoy" sa mga
pakulong ito ng diktadura. Dagdag pa,
lantaran din ang teroristang papel ng
AFP na pinatutulong sa COMELEC para ti-
yaking "maayos" ang "botohan."

Walang kalayaan ang mamamayan, at
katunaya'y pinipilit pa nga silang pala-
hukin sa mga "botohan" at binabantan
ng parusa ang mga boboykot. Formal na
sinususpende ang mga batas ng diktador
na nanunupil sa saligang mga karapatan
ng mamamayan, pero pinailigting pa nga
ang panunupil, laluna matapos ang "elek-
syon" o "plebisito." Halimbawa ng mga
biktima ang mga tagapagtaguyod, upisyal
at kandidato ng Lakas ng Bayan (Laban)
sa Metro Manila na tinugis at dinakip
matapos na matapos ang "eleksyon" noong
1978. Noong 1981 naman, dalawang araw
bago ang "eleksyon," nagmasaker ang pa-
sistang militar sa mga demonstrador sa
Daet, Camarines Norte.

Sa ilalim ng pasistang paghaharing
diktador na nakasalig sa kakayahang na-
rupil ng AFP, walang kakayahan ang mama-
mayan na pangalagaan ang pag-iral ng
disisyon ng nakararami, sakali nang na-
pwersa ang rehimen na kilalanin ang di-
sisyong ito. Ang oposisyonistang mayor
ng Cagayan de Oro City, sa isang pirma
ni Marcos, ay dinakip ng pasistang mili-
tar at di na nakabalik sa panunungkulan.

Samantala, inaskit at pinapayagan
ng diktadura na mangampanya at manalo
sa "halalan" ang ilang di kapartido ni
Marcos, bastat kontrolado nito ang kani-
ang pagiging oposisyonista o kayang



balawalaing ang kanilang bilang. Pabor kay Marcos na magkaroon ng oposisyong pandekorasyon bilang "patunay" na "umiral ang demokrasya" sa bansa. Katunayan, inasamin ng maraming mga asanblimang oposisyonista na balawala rin ang ginagawa nilang pagtuligsa sa loob ng Batasang Pambansa, dahil lagging ang kagustuhan lang ng rehimen ang nasusunod, at anumang oras ay pwedeng lusawin ni Marcos ang diumano'y lehislatura.

Pagtakwil ng mamamayan

Ginagamit ng mamamayan ang mga palabas na elektoral ng rehimen para biguin, ilantad at papanghinain ito.

"Boykot!" ang umaalingawngaw na sigaw ng milyun-milyong mamamayan. Noong 1981, nangampanya pa ng "vota Nol" ang mga partido ng burges na oposisyon; ngunit aktibo na silang nangampanya ng "boykot!" sa "eleksiyong presidensyal" ng taon ding iyon, kayat napilitan si Marcos na pagtiyagang makitunggali ang isa niyang taubhan.

Sa anumang mga "referendum" at "plebisito" ay pinalalabas pa ng rehimen na hanggang 10 porsyento lang ng botante ang di bumoto. Pero noong "eleksiyong" presidensyal ng 1981, ipinakita ng datos ng guberno na di bababa sa 40 porsyento ang nagboykot. At sa "plebisito" nitong nakaraang Enero, ayon pa rin sa bilang ng COMELEC, di kumulang sa 60 porsyento ang tumangging bumoto.

Ginagawa ng mamamayan ang pagboboykot ayon sa kanilang kakayahan at antas ng kamulatan, sa harap ng pananakot, pami-milit at aktwal na pandarahas ng diktadura. May di sumisipot kahit sa pagpapalista ng botante, may di sumisipot sa presinto sa araw ng "botohan," at mayroon namang sadyang naninira ng balota. Ang pananakot ng parusa, na umubra noong unang mga taon ng pormal na paghaharing militar, ay nagiging inutil na sa harap ng kahandaan ng mamamayan na manindigan sa karapatan nilang hawag lumahok sa pagpapatibay pa sa mga kadenang gumagapos sa kanila.

Ang panahon ng kampanya na nauuna sa mga "botohan" ay ginagamit ng pambansa-demokratikong hanay para ilantad ang diktadurang US-Marcos. Sa masiglang propaganda, kapwa ng mga hayag na organisasyon at ng kilusang lihim, ihinahayag ang mga krimen ng diktadura bilang kinatawan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ipinaliliwanag sa malawak na mamamayan na patuloy na umiral ang pasistang paghahari habang lubusang hawak ng isang pangkatin ang



sumusunod na kapangyarihan: gumawa at magpawalang-bisa ng mga batas, kabilang na ang mga tratado at mga probisyon ng konstitusyon; magkulong nang arbitrario at walang tining sa sinamang mapagkasapetsahan; magpasara ng anumang pahayagan o istasyon ng radyo-telebisyon; humirang sa lahat ng opisyal, kabilang na ang sa COMELEC at Korte Suprema; at magdeklara ng batas militar sa buong Filipinas o sa anumang bahagi nito sa anumang batayan at panahon.

Pangunahing anyo ng rebolusyonaryong paglaban ng bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya ang armadong pakikibaka, at sekundaryong anyo naman ang parlamentaryong pakikibaka na gumagamit sa burges-demokratikong mga proseso para isulong ang armadong pakikibaka at palakasin ang nagkakaisang prentse. Ang ating pagkilos kaugnay ng mga "eleksyon" ay bahagi ng parlamentaryong pakikibaka at kung gayo'y nagtutulak sa mga hangganan ng ligal na kaayusan para sa layunin ng rebolusyon.

Habang tumatagal ang paghaharing diktador, at laluna matapos nitong ipapatay si Benigno Aquino, tuluy-tuloy at papabilis na lumalawak ang nagkakaisang prenteng lumalaban dito. Ang pagbiga sa mga pakanang elektoral ng diktadura at ang ibayong paghiwalay dito ay epektibong nagpapahina sa kaaway, nagbaba sa kanilang moral, at nagmumyutralisa kundi man nakakakabig sa marami nilang taubhan at tagasunod.

Napakainam ng mga kalageyan para malinaw na ipaliwanag at malawak na ipalaganap ng pambansa-demokratikong hanay ang katumpakan ng ganitong pagsuway at paglaban sa diktadura at ang katumpakan ng rebolusyonaryong solusyon sa mga suliranin ng bayan.

Malapyudalismo sa Gitnang Luzon

Idinase ng panrehiyong organisasyon ng Partido sa Gitnang Luzon noong Disyembre ang isang konperensya hinggil sa kilusang nagsasaka na nagsuri sa partikularidad ng relasyong agriyo sa rehiyon.

Ang konperensya ay nagbigay-daan sa pagsisistematisa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri at sa pagtatakda ng oryentasyon ng kilusang nagsasaka doon. Ambag din ito sa pembansang pagsisikap na mapalalis ang ating pag-unawa sa pag-iral ng malapyudalismo sa Pilipinas, at makakatulong sa pagsisikap ng mga kasama sa ibang rehiyon na palalimin pa at sinupin ang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri sa kani-kanilang saklaw.

Pangkalahatang katangian

Palibhasa'y kanugnog lamang ng Metro Manila, matingkad ang katangiang urbanisado o malalunsod ng Gitnang Luzon. Sa populasyon nitong anim at kalahating milyon poong 1980, kulang-kulang sa 40 porsyento ang nabubuhay sa mga lunsod at malalaking sentrong bayan at ang mahigit 60 porsyento nasa'y nasa kanayunan. Mataas ang antas ng kultura at mas makilos ang mamamayan dahil sa relatibong maunlad na pang-ekonomya't panlipunang infrastruktura.


Sa rehiyon nanggagaling ang malaking bahagi ng produktong agrikultural, laluna ng bigas, na kinokunsumo sa Metro

Manila. Samantala, umuud naman papuntang Gitnang Luzon ang komersyo't industriya ng Metro Manila, pero di ito sapat para maampat ang malakas na daloy papuntang Metro Manila ng labis na mga manggagawa ng rehiyon.

Ang ekonomya ng rehiyon ay nakasandig pa rin sa agrikultura. Kahit ang paglaganap at pag-unlad ng komersyo at negosyo sa serbisyo ay nagmula pangunahin sa relatibong pag-unlad ng pagsasaka. Bagamat makabuluhang bahagi ang sektor ng industriya, hindi naman napakalaki ng ambag nito sa ekonomya't kabuhayan ng mamamayan sa rehiyon.

Nananaig ang maliitan at hiwa-hiwalay na pagsasaka at umiral pa rin ang monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa. Ang karaniwang sinasaka ng isang nagsasaka sa palayan (sumasaklaw sa 70 porsyento ng sakahan) ay 1.4 hektarya lamang; 3.5 hektarya sa mga tubuhan (5 porsyento ng sakahan); at 1/3 hektarya sa mga gulayan (kulang sa 2 porsyento ng sakahan). Samantala, hanggang sa pagpasok ng dekadang 1980, pag-aari ng 10 porsyento lamang ng uring panginoong maylupa ang 70 porsyento ng mga palayan at mahigit sa 50 porsyento ng tubuhan.

Laganap naman ang maliitang pamumuhunan sa mga syudad at sentrong bayan. Karaniwang konektado ito sa pagsasaka tulad ng mga kono, at pagpoproseso, pag-iimbak, paghahakot, pamimili at pag-



bebenta ng produktong agrikultural. May mga negosyo ring tulad ng transportasyon at komunikasyon, mga otel, restawran at sinahan. Nariyan din ang mga negosyong kaugnay ng mga pangangailangan sa pagkain, pabehay at aliwan ng mga sundalong Amerikano, at nag-aalok ng mga serbisyong pansuporta sa operasyon ng dalawang malaking baseng militar ng US sa rehiyon.

Samantala, ang mga empresa sa pagmamamupaktura ng dayuhang monopolio kapital at burgesyang kumprador ay konsentrado sa Bataan (Bataan Export Processing Zone) at bahagi ng Bulacan. Limitado ang mga ito sa magsang na pagmamamupaktura at pag-assemble, at umaasa nang malaki sa inaangkat na matiryales. May ilan ding asukerera at mga minahan sa rehiyon.

Ang kalakhan ng produksyon ng mga empresang ito'y nakalaan sa pandaigdigang pamilihan at ang superganansyang nakukuha'y di ginagamit sa pagpapaulad ng industriya sa Pilipinas. Sa halip, sinasakal ng mga empresang ito ang pag-unlad ng nagsasariling pambansang industriya.

Relasyon sa produksyon

Magkakasabay na umiiral sa Gitnang Luzon ang pyudal, malapyudal at kapitalistang relasyon sa produksyong agrikultural.

Ang pyudal na relasyon na nakasandig sa monopolio sa lupa ng mga panginoong maylupa ay laganap pa rin sa Zambales at Aurora na kulang na kulang sa lupang sakahan. Dito'y humahati ang panginoong maylupa sa produktong pinagpaguran ng magsasaka, sa bisa ng pag-aari sa lupa at pagpapautang sa mataas na patubo. Karaniwan, walang namamagitanang komersyante-usurero sa kanilang dalawa.

Nananaig ang kapitalistang relasyon sa may 30 porsyento ng tubuhan at 2 porsyento ng palayan sa rehiyon. Dito'y tumirang pinagsasamantalahan ng kapitalista ang mga manggagawang bukid sa pamamagitan ng pagpapababa sa kanilang sahod at pagtanging ibigay ang mga pang-ekonomyang karapatan nila na itinatakdan ng batas.

Ang relasyong malapyudal naman ang siyang umiiral sa iba pang mga sakahan na hindi saklaw ng pyudal at kapitalistang relasyon. Nasa isang panig ng relasyong ito ang panginoong maylupa at komersyante-usurero at nasa kabilang panig naman ang magsasakang kasama at manggagawang bukid.

Tampok sa relasyong malapyudal ang papel ng mga komersyante-usurero, na

karaniwa'y mga panginoong maylupa rin. Nagpapautang sila ng ~~palapit~~ bilingin sa mga magsasaka, naninili at nagbebenta ng produktong bukid, nagpapatakbo ng mga kono at sasakyang panghakot, nagbebenta ng abono't pestisidyo, at nagpaparkila ng kagamitan at makinaryang pansaka.

Tampok din sa malapyudalismo sa Gitnang Luzon ang malaking bilang--mahigit 50 porsyento--ng magsasakang wala o kulang ng sinasakang lupa. Mas marami pa ang kinukulang ng pondo o walang mapagkunan ng pondo maliban sa mga lokal na usurero. Ang mga manggagawang bukid naman, na pana-panahon lang ang pagtatrabaho, ay tumatanggap ng mas mababang sahod kaysa mga kauri nila sa kapitalistang sakahan. Di naman sila makawala sa lupa dahil sa kawalan ng malilipatang industriya.

Mga paraan ng produksyon

Ang relasyong pyudal, malapyudal at kapitalista sa sakahan ay may kaukulang anyo ng paraan ng produksyon.

Sa pagsusuri ng kumperensya, ang pyudal na paraan ng produksyon ay laganap noon sa mga palayan ng Gitnang Luzon, subalit ngayon ay hindi na. Sa sistemang ito, nakatali ang magsasaka, bilang kasama, sa bukid na pag-aari ng panginoong maylupa. Kinukuha ng panginoong maylupa ang malaking bahagi ng produkto bilang upa sa lupa at may maliwan nangang parte sa kasama. Ang produksyon ay pangunahin para sa konsumo at hindi para sa pamilihan. Simple lang ang mga kagamitan sa produksyon at karamihan ng magsasaka ay di gumagamit ng makabagong paraan ng produksyon. Halos lahat ng gawain ay pinapasan ng kasama at pamilya niya.

Sa kapitalistang sistema, ang mga negtatrabaho ay binalayaran ng sahod. Ang mga produkto sa mga sakahang ito ay nakalaan sa pamilihan. Tulad ng sa pabrika, dito'y paspasan ang produksyon, halimbawa, lisang bases sa isang taon ang pagtatanim at pag-sani ng "certified seeds" o sertipikadong binhi, gumagamit ng makabagong teknolohiya, at malakihan.

Tubuhan ang karamihan sa mga kapitalistang sakahan sa Gitnang Luzon. Para gawing asukal, ang tubo ay pinoproseso sa mga sentral, na pag-aari ng malalaking asendero-kumprador. May puhunan ang mga ito para makapagpatakbo rin ng kapitalistang sakahan, lalo't kanila ang asyenda. Sa gayo'y mas malaki ang kinikita nila kaysa kung magpoproseso lang sila ng mga produktong ipinapasok ng iba.

Nasa anyo ng sistemang administrasyon ang kapitalistang pagsasaka sa tubo. Dito, ang lahat ng trabaho ay isinupa ng panginoong maylupa o ng "planter" na umaarkila sa lupa niya, sa mga regular at panahunang manggagawang bukid. Pinapangasiwaan sila ng swelduhang administrador. Bukod sa trabaho sa bukid, inaako rin ng mga regular na manggagawa (inyeros) ang iba't ibang trabaho sa asyenda at pagkaginas'y pati sa ang mga trabahong konektado sa iba pang negosyo ng panginoong maylupa.

Ang kapitalistang sakahan ay matatagpuan din sa gulayan at ilang palayan, kabilang na ang mga korporadong sakahan ng mga transnasyonal na korporasyon. May maliliit ding kapitalistang bukid sa anyo ng "experimental farms," o kaya'y mga sakahan ng "certified seeds," na umaabot hanggang 20 ektarya ang lawak.

Paraang malapyudal

Kung ihahambing sa kapitalistang sakahan, ang mga bukid sa malapyudal na sakahan ay maliit lang. Ang mga magsasakang nagtatrabaho dito ay pinagsasamantalahan pa rin ng panginoong maylupa sa pamamagitan ng paghuhot nito ng upa sa lupa. Dahil sa maliit ang bukid, sinisikap ng magsasaka na pataasin ang produksyon sa pamamagitan ng mas matindi at makabagong pamamaraan ng produksyon. Para dito, kailangan niya ng kapital, at sinasagpang ng mga komersyante-usurero ang ganitong kalagayan para pagtubuan siya nang malaki. Lagadap ang pag-upa sa manggagawang bukid na tumatanggap ng napakababang pasahod.

Ang malapyudal na paraan ng pagsasaka ay sumasaklaw sa makabuluhang bahagi ng mga palayan at tubuhan sa Gitnang Luzon.

Ito'y umiiral sa sangkatlo ng palayan sa anyo ng buwisan. Sa sistemang ito, nagbabayad ng takdang upa sa lupa ang magsasaka, na siyang sumasagot sa lahat ng gastos sa produksyon. Dati, ang umiiral na upa ay 15 hanggang 24 na kaban bawat ektarya subalit sa pamamagitan ng pakikibaka ng magsasaka at sa tulong ng Bagong Hukbong Bayan at Partido, sa mga larangang gerilya ay napababa ito sa pitong kaban bawat ektarya o mas mababa pa. Gayunman, nangatiling mataas ang upa sa lupa sa ibang lugar sa rehiyon.

Kung lumiit man ang upa sa lupa, malaki naman ang ganansya ng mga komersyante-usurero (na karaniwa'y panginoong maylupa rin) mula sa uring magsasaka.

Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pautang, pagbabenta o pagpapautang ng mga produkto para sa produksyon tulad ng bagong klase ng binhi, abono, pestisidyo, upa sa patubig at makinarya at iba pa. Bukod dito, binibili nila sa murang halaga ang produkto ng magsasaka, para ibenta naman nang mahal.

Tinatamaan din ng ganitong pagsasamantala ng mga komersyante-usurero ang dalawang-katlo naman ng mga magsasaka sa palayan na binubuo ng mga may sariiling titulo sa lupa (mahigit 25 porsyento) at mga nasasaklaw ng "operation land transfer" ng rehimen (halos 40 porsyento). Sa karamihan ng sakahang nakak-OIT, ang mga magsasaka ay kusang tumigil na sa pagbabayad para sa lupa. Sa kumpanyang idinaos sa Gitnang Luzon, hindi pa ipinirmi ng mga kasama kung ang paraan ng produksyon sa mga palayang ito ay tatawaging malapyudal.

Sa tubuhan naman, ang malapyudal na paraan ng produksyon ay nasa anyo ng sistemang samakan, na sumasaklaw sa 20 porsyento ng mga bukid.

Dito'y naghahati ang asendero at magsasakang kasama sa kita mula sa ani ng tubo. Hati rin sila sa gastos sa produksyon; ang kasama ang sumasagot halimbawa, sa upa sa manggagawang bukid, upa sa makina, at kalahati ng gastos sa abono. Natural, may ganansya ang asendero mula sa pinataas na presyo ng mga produktong binabayaran ng magsasaka. Bukod dito, mataas ang interes na kinukubre kapag pinautang niya ng puhunan ang magsasaka. (Ang pera ay inutang din ng panginoong maylupa mula sa bangko, kaya doble ang interes na binabayaran ng magsasaka--para sa bangko at para sa panginoong maylupa.) Tulad ng sa palayan, pumipiga rin ng ganansya ang mga komersyante-usurero mula sa mga magsasaka sa tubuhan.

Mayroon pang tinatawag na sistemang aryenda sa tubuhan. Dito, may nangangapital na umaupa ng may kalakihang sukat ng lupa mula sa panginoong maylupa. Umaabot hanggang sampung taon ang kontrata sa pag-upa at ang nangungupahan ay masaring piliing pumasok sa malapyudal na relasyong samakan (kung ang nangupahan niya'y may nakapwestong kasama) o kaya'y sa kapitalistang relasyong administrasyon, na karaniwa'y nais nilang anyo dahil mas mataas ang ganansya.

Dominasyong imperyalista

Ang paglaganap ng malapyudal na paraan ng pagsasaka sa Gitnang Luzon ay itinutulak ng pagdodomina ng imperyalistang interes sa isang kaayusang nangangibabaw

ang kapangyarihan ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Ito'y kongkretong umiiral sa anyo ng patuloy na paghuhot ng panginoong maylupa ng upa sa lupa at pagsasasantala ng mga komersyante-usurero. Karaniwan, ang mga panginoong maylupa'y siya ring komersyante-usurero o kaya'y nagsasabwatan sila sa pagpiga sa magsasaka. Sila rin ang humahawak ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan.

Ang dominasyon ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa sa buong ekonomiya ng Gitnang Luzon ay nakikita sa pag-iiral sa rehiyon ng produksyong pyudal, malapyudal at kapitalista at kahit sa maliitang

produksyon ng independyenteng magsasakang maylupa. Napakahina ng pag-unlad ng industriya, dahil limitado ang paglaki ng naiipong kapital mula sa produksyong agrikultural, at ang nangingibabaw ay ang pamumuhunan sa komersyo.

Kaya, hanggat di ganap na nakabago ang kabuuang sistemang pang-ekonomiya, panlipunan at pampulitika--na mangyayari lang sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon--ang "pag-unlad" sa malapyudal na sistema ng produksyon mula sa pyudalismo ay hindi maghahatid ng tunay na kaunlaran sa kanayunan. Tulad ng nakikita sa Gitnang Luzon, ang ibinuhunga lamang niyon ay mas matinding pagsasasantala ng uring panginoong maylupa sa masang manghubukid.



PAGBURO NG YUNIT



PAGSASANAY



SUPORTA NG MASA



AKTUAL NA GAWAING PARTISANO

Gerilya... sa lunsod

Lalawang araw nang sinusubaybayan nina Ka Ben at Ka Dan ang isang pusakal na pulis sa paroo't parito nito sa Camalig, Albay. Ngayo'y oras na niya. Pina-ra ng dalawang partisano ang dyipning sinasakyan ng kaaway na nakaupo sa tabi ng drayber. Si Ka Ben ay naupo sa likod ng target. Palibhasa'y maraming kasalanan sa masa, lubhang alerto ang kaaway--ipinako niya ang tingin sa salamin para manmanan ang mga masa likod, at analis ang safe ng hawak niyang M16.

Kuha'y di pinapansin ni Ka Ben ang pulis, subalit nag-aabang talaga siya ng tyempo. Nang malingat ang kaaway, malilis na nakapagbunot ng beril si Ka Ben at pinaputukan ito; sabay sunggab sa M16. Agad ding humilos si Ka Dan at nagpaputok din hanggang mapatay ang kaaway.

Mga operasyon

Isa lang ito sa matatagumpay na operasyong partisano ng Bagong Hukbong Bayan

(BHB) sa mga lunsod at sentrong bayan nitong mga nakaraang taon. Sa ngayon, pangunahin sa mga gawain ng mga partisano ang mangumpisaka ng armas para sa mga yunit ng BHB sa kanayunan at lipulin ang mga pusakal na kasabay sa puting purok--regular na tropang militar, pulis, CHDP, importer at iba pa--laluna ang mga nagpapatay o nakakapaminsala sa masa o mga kasama.

Kabilang din sa target ng partisano ang mga opisyal ng guberno na aktibong lumalaban sa rebolusyon. Bagamat may badigard ang mga ito, di rin sila nakakaligtas sa parusa kapag pinagpursigihan ng rebolusyonaryong pwersa. Si Pablo Lucero, mayor ng Calbayog City sa Western Samar, ay pinarusahan noong 1982 habang naglalaro ng tenis. Mangyari pa, ang pagligpit sa mga despotikong opisyal ng syudad o sentrong bayan ay nakaka-pekto rin sa lokal na organisasyon ng rehimeng US-Marcos.

Sa pamamagitan din ng mga operasyong partisano, ipinapakita natin sa kaaway na hindi sila ligtas maski sa ayudad, at sa gayon ay nadedemoralisa sila. At may kaso pa nga na nagagawang mapilay ng mga partisano ang mga yunit ng pasistang militar.

Canito ang naging epekto nang nireyd ng mga partisano nitong dakong huli ng 1983 ang bahay-himpilan ng lokal na yunit ispya ng pasistang militar sa Davao City.

Ang mga operasyong partisano ay maaaring magbunga ng pagpigil o pagputol sa mga operasyong militar sa interyor at pag-atras ng mga ditatament ng kaaway, tulad ng nangyari sa Guinobatan, Albay, noong 1982.

Mula sa pinagpwestuhan nila sa tabing daan, 200 metro mula sa ditatament ng PC, nakita ng mga partisano na nagtitipon sa highway ang mga kaaway at hinihintay ang trak na sasakyan nila sa gagawing operasyon sa kanugnog na baryo. Isang pusakal na PC ang lumabas ng ditatament at naglakad papalapit sa pwesto ng mga kasama. Pinaputukan siya ng timides at sinansan ng isa pang partisano ang dala niyang M16, at kapag-daka'y umatras ang pangkat ng mga Pulang mandirigma.

Sa di inasahan ng mga kasama, naging resulta ng kanilang pagbanat ang dagliang pagkansela sa operasyong binabalak ng kaaway at iniatras pa ang buong ditatament mula sa lugar. Katunayan, ang talagang target nila ay isa pang pusakal na sundalo, pero hindi siya lumapit sa pwesto nila nang mga sandaling iyon.

Mga salik sa tagumpay

Mapagpasya sa tagumpay ng mga operasyong partisano ang mahuhusay na katangian ng bawat miyembro ng yunit, at laluna ng namumuno rito. Nangingibabaw sa kanila ang pagmamalasakit sa kapakanan ng nakararami kayna sariling kapakanan at taglay nila ang mulat na disiplinang bakal. Sa pagasagawa sa mga operasyon, buo ang kanilang loob na mapagtagumpay ito. Agad silang nakakaangkop sa pagbabago ng sitwasyon at naisasalooob nila ang mga aral na hango sa karanasan nila at ng iba.

Karaniwan, ang mga partisano ay pini-pili mula sa mga ganap na yunit gerilya ng BMB. Bukod sa pagtiyak na mayroon silang karanasang militar, tinitiyak din na mayroon silang karanasan sa gawing masa sa pamamagitan ng pagpapaloob

sa sandatahang yunit pampropaganda (STP) sa isang takdang panahon. Nagdadaan din ang mga partisano sa pagsasanay na may partikular na kaugnayan sa kanilang gawain, tulad ng mabilis na pagbunot ng baril at pagpapaputok nito, pag-aan-sayo ng paglapit sa target, suportahan at mabilis na pag-agaw ng baril ng kaaway, karate at iba pang teknikal na kasanayan.

Sa puting purok kumikilos ang mga partisano, kayat mahalaga ang paglililihim at pag-iingat sa kanilang gawain. Ito ang susi sa pagpapanatili nila ng inis-yatiba at elemento ng sorpresa. Hindi sila kumikilos ayon sa isang padron na maaaring matukoy ng kaaway. Ordinaryo lang ang kanilang hitsura, pananamit, kilos at gawi. Maski sa pagsasakatuparan ng operasyon, senyas at koda ang ginagamit nila para di maalerto ang kaaway.

Ang bawat operasyon ay isinasagawa ayon sa isang balak. Kasama sa plano ang pag-angkop sa mga pagbabagong posibleng mangyari. Gayunman, lagi ring handa ang mga kasama na tugunan ang mga di inasahang pagbabago at saggangin ang anumang pagkakataon upang tupdin ang mga pangkalahatan at partikular na tungkulin. Sa ganitong kalagayan, maaari pa ring gumawa ng mabilisang balak ang mga partisano, batay sa mga dating karanasan, pag-aaral at pagsasanay.

Suporta at paniniktik

Bukod sa pagsasanay at pagpapalano ng mga partisano mismo, mahalaga ang paglalatas ng lambat ng suporta at paniniktik.

Ang kanilang panustos, paghihimpilan, paglulunaaran ng operasyon at atrasan ay ihihihanda ng masa sa puting purok. Ang masa rin ang nangangalap ng impormasyon hinggil sa karaniwang kilos ng kaaway, naniniktik sa pagkilos ng mga partikular na target at umaalam sa mga lihim na bahay-himpilan sa ayudad ng mga ahenteng militar. Sa ilang pagkakataon, katulong din sila ng mga partisano sa paglansal sa kaaway at pagbibigay ng iba pang suporta sa operasyon.

Ang mga pinakakilos para sa suporta at paniniktik ay binibigyan ng mga partisano ng pag-aaral hinggil sa lipunan at pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa ilang lugar, tumutulong ang mga partisano sa pagbubuo ng mga yunit sa depensa (self-defense units) at milisya sa mga komunidad ng maralitang tagalunod. Sa gawing ito, nakikipagkoordinang ang yunit partisano sa organisasyon ng Partido sa ayudad.

Sa pamamagitan ng pampolitika at pang-organisasyong pagkilos ng mga partisano,

nagpapalawak at napapatibay ang lambat ng suporta at paniniktik. Sa gayon, nalilikha ang kundlayon para sa mas ma-unlad na gawaing partisano sa mga lunsod at sentrong bayan.

Ngayong nasa abanteng subyugto na ng istrategikong depensiba ang digmaang bayan, nagkakaroon ng ibayong kabuluhan ang mas maunlad na gawaing partisano. Sa gayon, maaaring magbago ng diin ang mga gawaing partisano ayon sa lokal na kalagayan. Halimbawa, sa halip na basta pagkumpiska ng armas, maaaring matuon ang operasyong partisano sa isang panahon sa pagpilay sa organisasyon ng kaway (laluna ang yunit nito sa paniniktik), pagligpit sa mga importanteng tau-

hang militar at mga importer, pagsabotaje sa kanyang linya ng komunikasyon at instalasyong militar, at iba pa.

Sa pag-iging ng digmaang bayan, magiging lalong mabangis ang kaway, hindi lamang sa kanyunasan, kundi gayundin sa kalunsuran. Kayat dapat ding paghandaan ng mga partisano ang paghihigpit ng kalagayan sa kinikilusan nilang lugar.

Gayunman, sa patuloy na paghawak ng mga partisano sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, paglililang sa mahulussay na katangian nila, at mahigpit na pakikilasa sa masa, tiyak na mapapangibabawin nila ang mga kahirapan at magkakamit sila ng higit pang mga tagumpay.

Mga aksyong protesta

Bumibilis ang kumpas ng mga aksyong protesta laban sa diktadurang US-Marcos at mga pakana nito. Tumanggap nitong nakaraang ilang linggo ang pagboboykot sa "plebisito" ng rehimen at ang paghihigpit sa mga demokratikong panawagan kaugnay ng "eleksyon" para sa Batasang Pambansa sa Mayo. Ang ilan sa mga aksyong protesta ay ang sumusunod:

--Enero 24. Nagrali para sa panunumbalik ng demokratikong karapatan ang 10,000 tao sa Ugarte Field sa Makati. Ipinaliwanag ng mga nagsalita sa rali ang kaapihan ng iba't ibang sektor ng lipunan, at ang panawagang magboykot sa darating na eleksyon kung hindi ibigay ng rehimen ang anim na panawagan ng mga antidiktadurang partido at organisasyon.

Kabilang sa mga organisasyong lumahok sa rali ang Justice for Aquino, Justice for All Movement (JAJA), Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD), United Nationalist Democratic Organization (UNIDO), Muslim Federal Party, Filipino Democratic Party-Lakas ng Bayan (PDF-Laban), Kilusan sa Kapangyarihan at Karapatan ng Bayan (KAAKBAY) at Alliance of Metropolitan Associations (AMA).

--Enero 27-31. Tinatayang isang milyong tao ang lumabas noong Enero 31 para magpahayag ng kanilang suporta o kaya'y nagmartesa kasama ng mga nagsimula ng 120-kilometrong takbuhang o jogging noong Enero 27 bilang protesta sa plebisito ng rehimen noong araw ding iyon.

Ayon sa orihinal na plano, tatakbo ang may 100 jogger, na karamihan ay kasapi ng August 21 Movement (ATOM) at MA, mula Concepcion, Tarlac (tura saan

ipinanganak si Benigno Aquino Jr.) hanggang sa Manila International Airport (kung saan siya pinatay). Noong Enero 28, hinarang sila ng mga tropa ng gubyrerno sa hangganan ng Bulacan at Metro Manila. Nagpasya ang mga jogger na pansamantalang humimpil sa Maycawayan, Bulacan, at doo'y nagdagsaan ang mga tao mula sa Metro Manila para magbigay ng suporta.

Noong Enero 31, muling sinimulan ang protesta na maging takbo-martesa ng 20,000 tao hanggang sa Ugarte Field sa Makati. Kasama sa mga organisasyong lumahok sa martesa ang Kilusang Mayo Uno (KMU), League of Filipino Students (LFS) at College Editors Guild of the Philippines (CEGP).

--Pebrero 5. Nagrali ang 10,000 manggagawa sa pamumuno ng KMU para tuligsain ang kahirapan at disempleyong dulot ng



diktadurang US-Marcos. Ang mga lumahok sa rali ay nagmartesa mula sa iba't ibang lugar ng Maynila at nagtipun-tipon sa Liwasang Bonifacio. Lumahok din sa rali ang mga kasapi ng LFS, JAJA, at Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Noong araw ding iyon, umabot sa 10,000 ang lumahok sa pinakahuling yugto ng protestang takbo na sinimulan noong Enero 27. Hinarang muli ng mga sundalo ang mga nagmartesa bago nakarating sa MIA, at 21 lang sa mga ito ang pinapasok sa lugar na kinailugmukan ni dating Senador Benigno Aquino Jr. nang siya'y ipapatay ng rehimen.

--Pebrero 14. May 10,000 manggagawa, estudyante, propesyunal, empleyado sa opisina at iba pa ang nagtipun-tipon sa Ugarte Field sa Makati para bilangan ng oras ang taning kay Marcos hinggil sa anim na demokratikong panawagan kaugnay ng eleksyon sa Mayo. Narami ang nagmartsa mula sa Plaza Miranda pagkatapos ng rali na inisponsor doon ng Student Leaders' Forum.

Nang sumapit ang hatinggabi nang walang aksyon sa mga panawagan, ipinahayag ng JAJA, NAJFD, KAAKBAY, Liberal Party at iba pa ang paglulunsad ng kampanyang boycott. Natapos ang rali sa Ugarte Field ng alas tres ng madaling araw pagkatapos magpahayag ng pusisyong boycott ang mga kinatawan ng iba't ibang sektor at organisasyon.

BALITA

Titser

Ang mga titser sa iskwelahang publiko sa buong Pilipinas--na sawang-sawa na sa mga pangako ng gubyrerno at nagtuturu-turuang mga upisyal nito--ay tumatapang sa paggigiit na bigyan sila ng mas mataas na sweldo.

Pinaplano ang isang malaking welgeng pambansa samantalang patuloy pa ring umiwas o nananakot ang ministri sa edukasyon.

Bukod sa dagdag na sweldo, hinihingi ng mga titser na itigil ang pwersahang kontribusyong ipinababayad sa kanila gaya ng sa GSIS, Pag-IBIG, Medicare, withholding tax at iba pa.

Mula huling linggo ng Enero, mahigit 20,000 titser sa Metro Manila, Pampanga, Bulacan, Nueva Ecija, Bikol, Bacolod City at Davao City ang nagpoprotesta sa pamamagitan ng di pagtuturo, samasamang pagkuha ng leave, mabagal na pagtatrabaho, at pagpirma sa pitasyon.

Huwad na ulat

Nanawagan ang Kilusan sa Kapangyarihan at Karapatan ng Bayan (KAAKBAY) na patalsikin at usigin ang mga upisyal ng gubyrerno na responsable sa huwad na pag-uulat tungkol sa reserbang dolyar ng Pilipinas noong 1983, na pinalitaw na mas malaki nang \$600 milyon kaysa aktwal. Ang mga tinukoy ng KAAKBAY na responsable sa panlilinlang na ito ay si Punong Minister Cesar Virata, ang pinuno ng Bangkong Sentral, presidente ng Philippine National Bank at iba pa.

Ang pagkadiskubre sa panlilinlang ay nagpalala sa kasalukuyang krisis sa

--Pebrero 17. Sa pamumuno ng NAJFD, nagdaos ng "Rali para sa Demokrasya" ang 15,000 mamamayan sa Liwasang Bonifacio. Muling iginilit ng mga kalahok na grupo't organisasyon ang anim na demokratikong panawagang kaugnay ng "eleksyon".

Kabilang sa mga lumahok sa rali ang JAJA, AMA, KMU, LFS, at mga organisasyon ng relihiyoso.

May mga protestang rali din ng libu-libong mamamayan sa iba pang dako ng Pilipinas tulad ng Angeles City sa Pampanga (Enero 31), Bacolod City sa Negros Occidental (Pebrero 4), San Pedro, Laguna (Pebrero 5) at Zamboanga City (Pebrero 8).

pinansya na nagaimula noong huling tatlong buwan ng 1983. Dahil dito'y mas mabibigat na kundisyon ang hinihingi ng mga dayuhan kapalit ng kanilang pagpapautang.

Nang maubusan ng salaping dayuhan ang rehimen, nagbenta ito ng isang milyong onsa ng reserbang ginto ng bayan para ipambayad sa utang nito sa mga dayuhang bangko at kapitalista. Sa kabuuan, 1.6 milyong onsa ng ginto ang ipinagbili ng Pilipinas sa abroad noong 1982-83, kayat ang naiwang reserba ay kulangkulang sa 300,000 onsa na lamang.

Pagsasanay militar

Sinimulan ng nagkasanib na pwersa ng US at papet na rehimen sa tipog Korea ang isang pandigmang pagsasanay nitong Pebrero. Binansagang "Team Spirit 84," kalahok sa mga maniobreng ito ang 147,000 tropa ng papet na rehimen at 60,000 tropa ng US, at magtatagal ito hanggang Abril.

Binatikos ng Republikang Bayan ng China at Demokratikong Republikang Bayan ng Korea ang pagsasanay militar, at sinabing pinalalakal ng mga ito ang pangang-nib ng digmaan sa rehiyon.

Andropov

Namatay sa sakit noong Pebrero 9 si Yuri Andropov, pangkalahatang kalihim ng Partido Komunista ng Soviet Union (PKSU) at presidente ng Presidium ng Kataas-taasang Soviet, ang pambansang batasan.

Si Andropov ang humalili kay Leonid Brezhnev, na namatay noong Nobyembre 1982.

Ihinalal ng Komite Sentral si Konstantin Chernenko bilang kapalit ni Andropov sa pagiging pangkalahatang kalihim ng PKSU.

SULAT

Muli, hinggil sa pagrekluta sa Partido

Kaugnay ng sulat hinggil sa pagrerekluta sa Partido [AB; Enero 1984], nais ko lang ilinaw ang patakaran para sa sektor ng kabataan-istudyante.

Tulad ng nabanggit ninyo, maaaring umunlad nang mas mabilis ang mga aktibista sa Kabataang Makabayan (KM) kaysa mga aktibista sa mga ligal na organisasyong masa. Sa praktika, anim na buwan ang itinakdang minimum na panahon para matugunan ang mga rekisitos at paghahanda sa pagpasok sa Partido. Hindi naman ibig sabihin na pwede nang maging kandidatong kasapi ng Partido ang lahat o karamihan ng aktibista ng KM pagkaraan ng anim na buwang pagkilos, dahil di rin pantay-pantay ang pag-unlad nila. Kaya lang, may mga abanteng aktibista na maasari nang maging kandidatong kasapi ng Partido pagkaraan ng anim na buwan, bagamat maliit lang ang bilang nila.

Posible ito dahil sa mga kundisyong paborable para sa mabilis na pag-unlad ng mga aktibistang kabataan-istudyante. Pangunahin dito ang aktibong paglahok nila sa kilusang masa at ang pagpoprograma ng pag-aaral sa lipunan at pambansa-demokratikong rebolusyon. Dagdag pa, marami sa mga kasapi ng KM ay pinipili mula sa hanay ng mga aktibista sa mga ligal na organisasyong masa, kayat bago pa man sila pumasok sa KM ay mayroon na silang karanasan sa kilusang masa.

Masasabi rin namin na kasiya-siya ang pagkilos ng mga aktibistang naging kasapi ng Partido pagkaraan ng anim na buwang pagkapanday sa loob ng KM. Ang higit na nakararami ay nananatiling aktibong kasapi ng Partido at ang mahigit 50 porsyento ay kumikilos nang pultaym.

Ka Zelda

Mula sa Bikol

Dito sa rehiyon, nakakatugon talaga sa pangangailangan ng mga kadreng pandistrito ang mga nilalaman ng AB. May patakaran kami na talakayin sa bawat antas ang piling mga artikulo ng bawat labas ng AB. Ang mga lokal na komite ang pumipili ng mga ito sa ngayon.

Sa partikular, ang pinag-aralan namin nang masinsinan at nakatulong sa aming pagbabalak ay ang artikulo tungkol sa pagrerekluta sa mga kasapi ng Partido, pagtatayo ng mga ganap na yunit gerilya at yunit milisya, ang limang tungkulin ng kilusang magsasaka (na buong-buo ngang inireprint ng Silyab)--marami, di ko mababanggit lahat dito.

Kasamang Mar
Bikol